Ika-22 Pagpupulong para sa "Opening of Bids" ng Bagong Komposisyon ng BAC

Petsa : Disyembre 22, 2022

Lugar : CA Conference Room

Ang "Opening of Bids" sa pangangasiwa ng Bagong Komposisyon ng BAC ay nagsimula ng alas-10:00 ng hapon na pinangunahan ng Pinuno ng BAC-Secretariat na si Abgdo. Darwin D. Clemente.

Ang mga nakadalo ay kinabibilangan nina:

Inh Reynaldo Garcia (GSO) – Miyembro

Abgdo. Marlon Dumoran (CLO) - TWG

G. John Rex Eusebio (CA OFC) – TWG

Abgdo. Darwin Dionisio Clemente (CLO) – Head Secretariat

Gng. Maria Cecilia R. Reyes (CLO) – Secretariat Member

Bb. Angel Cullado (CLO) – Secretariat Member

Mga Bidders/Contractors

Mga Tagamasid

Para sa iba pang nakadalo ay makikita sa nakalakip na dokumento.

AGENDA:

1. Para sa "Public Bidding ng PURCHASE OF 20,000 PACKS OF Various Groceries for the Consumption of Under privilage Families this Christmas Season" (ABC – P10,000,000.00) Source: General Fund.
2. Para sa "Public Bidding ng UPGRADING OF SCHOOL GROUNDS AT PANASAHAN ELEMENTARY SCHOOL, BRGY. PANASAHAN, CITY OF MALOLOS" (ABC – P6,000,000.00) Source: Special Education Fund.
3. Para sa "UPGRADING OF SCHOOL GROUNDS AT PAMARAWAN ELEMENTARY SCHOOL, BRGY. PAMARAWAN, CITY OF MALOLOS" (ABC – P5,000,000.00) Source: Special Education Fund.
4. Para sa "UPGRADING OF SCHOOL GROUNDS WITH DRAINAGE AT BULIHAN ELEMENTARY SCHOOL, BRGY. BULIHAN, CITY OF MALOLOS" (ABC – P2,500,000.00) Source: Special Education Fund.

---

1. Pinasimulan na ni Abgdo. Darwin Dionisio Clemente ang pag-aanunsyo ng pagsasara ng kahon na paghuhulugan ng mga kinakailangang "Bidding Documents" para sa proyektong nabanggit sa itaas;
2. Ganap na alas-10:01 ng hapon ay ipinahayag na ni Abgdo. Clemente ang pagtatapos ng pagpapasa ng "Bidding Documents" para sa nasabing proyekto;
3. Nagpahayag si Abgdo. Clemente bilang Pinuno ng BAC-Secretariat na magbibigay pa ng 15-minutonbg palugit upang mag-intay sa pagdating ng bumubuo ng Kasapi ng BAC upang masimulan na ang nakatakdang Gawain sa araw na ito;
4. Makalipas ang 5-minuto ay dumating si Inh. Reynaldo Garcia na kasapi ng BAC;
5. Ipinaalam naman ni Abgdo. Clemente na may biglaang importanteng utos mula sa Punong Lungsod Christian Natividad kina Abgdo. Cyrus Paul Valenzuela at CA Joel Eugenio;
6. Gayundin ay may di matatanggihang mahalagang pulong sina Inh. Ricasol Millan at Bb. Leilani Maclang na kinailangang daluhan;
7. Matapos ang ibinigay na 15-minuto ay nagbigay ito ng hudyat upang pasimulan n ani Inh. Garcia ang nakatakdang pulong;
8. Nagbigay ng pagbati si Inh. Garcia sa mga dumalo at ibinigay na kay ABgdo. Clemente ang pag-aanunsyo sa magiging kalagayan ng pulong;
9. Inihayag ni ABgdo. Clemente na sa kadahilanang hindi na makakadalo ang mga nabanggit na kasapi ng BAC sa itaas kung kaya't inihayag niya na walang "quorum" na nabuo;

10. Ikinalulungkot na inanunsyo ni ABgdo. Clemente na ang nakatakdang "Opening of Bids" sa araw na ito ay idedeklarang kanselado sa kadahilanang hindi nakabuo ng korum na pagdalo ng mga bumubuo ng BAC;
11. Dahil dito ay kinumpirma na ni Inh. Garcia na tanging nakadalong kasapi ng BAC na kanselado ang pulong para sa pagbubukas ng bidding sa araw na ito;
59. Nang wala nang anumang nais linawin ukol sa naganap na bidding ay inihayag na ni Abgdo. Valenzuela ang mosyon upang wakasan ang pulong sa araw na ito;
60. Inihayag ni ABgdo. Clemente na magpapalabas ng "Bid Bulletin" sa Philgeps ukol dito at sa paglilipat ng petsa ng pagbubukas ng bidding sa darating na Disyembre 28, 2022 ganap na alas-10:00 ng umaga;
61. Nang wala nang katanungan mula sa mga dumalo sa pulong ay itinindig at winakasan na ni Inh. Garcia ang pulong;
62. Nagbigay naman ng pangalawang mosyon o pagsang-ayon si Abgdo. Clemente;
63. Itinindig na at winakasan ang pulong ganap na alas-10:29 ng umaga.

Ang katitikan sa pagpupulong ay ipinasa ni:

**Maria Cecilia R. Reyes**
*Legal Assistant II - Secretariat*

Binigyang pansin ni:

**Abgdo. Darwin Dionisio Clemente**
*Attorney IV – BAC Secretariat Head*

Pinagtibay ni:

**Inh. Reynaldo Garcia**
*BAC Chairman*